

Sa Aming Mga Dayuhang Customer

Mangyaring malaman na para makapagbukas ng deposit bank account, kinakailangan ang sumusunod na mga dokumento. Pakihanda at pakidala ang mga nabanggit na item sa iyong pagbisita para magbukas ng account.

《 Mga dokumentong kinakailangan para sa pagbubukas ng bank account 》

(Specimen) Card ng Paninirahan



Pinagkunan: Website ng Immigration Bureau ng Japan



Dokumento ng personal na pagkakakilanlan

- Dapat na ipinapakita ng dokumento ng personal na pagkakakilanlan ang litrato ng nagmamay-ari at ang pangalan, address (sa Japan), at petsa ng kapanganakan ng nagmamay-ari.

Halimbawa:

- ▶ Card ng paninirahan
- ▶ Espesyal na certificate para sa permanenteng residente
- ▶ Card ng indibidwal na numero
- ▶ Pasaporte

* Maaaring kasama sa proseso ng pagbubukas ng account ang pag-verify sa tagal ng pananatili sa Japan ng nag-a-apply. Maaaring hilingin sa nag-a-apply na magpakita ng mahigit sa isang dokumento ng personal na pagkakakilanlan.

Pag-imprensa ng selyo o lagda

- Sa panahon ng pagbubukas ng account, dapat na kumpletuhin ang form sa pag-a-apply gamit ang pag-imprensa ng selyo ng nag-a-apply. Pakitandaan na tinatanggap din ng iba't ibang institusyon sa pananalapi ang lagda ng nag-a-apply bilang alternatibo.
- Kapag nag-order ka ng selyo, pakisabihan ang tindahan na dapat magkwalipika ang selyo para sa mga transaksyon sa bangko.

Iba pang bagay

- Kapag nag-a-apply para sa isang bank account, mangyaring magdala rin ng ID ng empleyado o iba pang dokumento na makakapagpatunay sa katayuan sa pagtatrabaho ng nag-a-apply.
- Pakitandaan na para sa mga layunin ng pagpapatunay, maaaring kasama sa proseso ng pag-a-apply ang pagtawag sa telepono sa lugar na pinagtatrabahuhan ng nag-a-apply.
- Dapat na humingi ng tulong ang mga nag-a-apply na nangangailangan ng suporta sa wikang Japanese mula sa isang taong kasama sa trabaho, atbp.
- Dapat na dalhin ng mga mag-aaral ang kanilang ID sa paaralan.

May karampatang parusa kung magbebenta o bibili ng deposit bank account!

- Ang pagbebenta o pagbili ng deposit bank account (ibig sabihin, pagbebenta o pagbili ng deposit account pass book o cash card) ay ipinagbabawal sa ilalim ng batas ng Japan at may mga karampatang parusa sa parehong nagbebenta at bumibili.
- Kung babalik ka na sa iyong bansa dahil sa pag-expire ng panahon ng pananatili atbp., para mapigilan ang hindi makatarungang paggamit ng mga bank account, pakikumpleto ang proseso ng pagsasara ng account sa iyong institusyon sa pananalapi.

